




St. Martin Coop, Nagpamahagi ng Septic Vaults sa 64 Pamilya

NI: ALLAN EUGENE S. BAIZA

Noong 06 Disyembre 2021, pormal nang ipinagkaloob ang donasyong septic vaults o poso negro para sa 64 na residente ng Antipona sa Bocaue. Matatandaang noon lamang nakaraang taon ay tinupok ng apoy ang mga kabahayan sa Barangay Antipona. Hiniling ng butihing Mayor Jonjon Santiago na ang Community Development Fund para sa Bocaue ay ilaan na lamang sa mga fire-victim residents ng Antipona para makapagpagawa din sila ng sariling poso negro at ng masiguro din ang maayos at ligtas na drainage lalo at malapit ito sa ilog ng Bocaue.

Ang kopya ng komprehensibong report ay ibinigay ni CEO Serafin M. Celestino, Jr. kay Mayor Jonjon Santiago sa harap nila Board Chairperson Danilo D. Esteban, Board Vice-Chairperson Herminda Z. Valeriano, Director Bienvenido C. De Guzman, at COO Raymond M. Cardenas.



Ipinagkaloob ng kinatawan ng St. Martin Coop na si G. Benildo Buenaflor kasama ang konsehal ng Antipona na si G. Raymond Zaragosa ang katibayan ng pagtanggap sa mga benepisyaryo

Back-to-back Awards, Nakamit ng St. Martin Coop

NI: EILEEN RUTH G. REYES

Nitong Abril 2021, ang St. Martin Coop ay kinilala at isinama ng Philippine Daily Inquirer at Statista sa Philippines Growth Champions 2021 mula sa Top 25 na mga kumpanya/ organisasyon.

Ang Philippines' Growth Champions 2021 ay isang listahan ng Top 25 na kumpanya sa Pilipinas na nakamit ang pinaka-mataas na porsyento ng paglago ng mga kita sa pagitan ng 2016 at 2019.

Ang Philippine Daily Inquirer ay isa sa pinaka-maimpluwensiya at pinagkakatiwalaang news and information organization sa bansa. Ang Statista naman ay isang kilala at respetadong international market research company. Sa hanay ng mga kooperatiba sa ating bansa, tanging ang St. Martin Coop lamang ang pumasok sa Top 25 companies/ organizations ng Philippines Growth Champs sa taong ito.

Ang mga pamantayan na pinagbasehan ay ang mga sumusunod:

- kita na hindi bababa sa ₱5,000,000 para sa taong 2016
- kita na hindi bababa sa ₱50,000,000 para sa taong 2019
- independent o hindi subsidiary na organisasyon o kumpanya
- ang punong-tanggapan ay nasa Pilipinas
- organic o internally-stimulated ang revenue growth mula taong 2016 hanggang 2019

Ang prestihiyosong parangal na ito ay nasundan pa ng isa namang pagkilala mula sa The Financial Times kung saan ang ating kooperatiba ay napabilang dito. Ang Financial Times ay isa sa mga nangungunang organisasyon ng balita sa mundo, na kinikilala sa buong mundo dahil sa awtoridad, integridad at kawastuhan nito.

Naging bahagi ito ng Nikkei group, ang pinakamalaking pahayagan sa mundo sa larangan ng pananalapi, noong 2015.

Ang mga pamantayan ng parangal na ito ay ang mga sumusunod:

- kita na hindi bababa sa 100,000 USD para sa taong 2016
- kita na hindi bababa sa 100,000,000 USD para sa taong 2019
- independent o hindi subsidiary na organisasyon o kumpanya
- ang punong-tanggapan ay nasa isa sa 13 bansa sa Asia-Pacific Region
- organic o internally-stimulated ang revenue growth mula taong 2016 hanggang 2019

Congratulations, mga Kamay-ari! Ang lahat ng ito ay dahil sa patuloy ninyong pagtangkilik at suporta sa St. Martin Coop at sa patuloy na paggabay ng Poong Maykapal.

TOP FILIPINO HIGH-GROWTH COMPANIES		
Twenty Filipino companies made it to the 2021 Financial Times ranking of the top 500 high-growth companies in the Asia-Pacific region. Compiled in partnership with global news publication Nikkei Asia and research provider Statista, the ranking shows which companies entered the pandemic in a position of strength. The survey covered both private and public companies headquartered in 13 countries and regions in Asia Pacific with an annual revenue of more than \$100,000 in 2016 and more than \$1 million in 2019. The ranking is based on the revenue growth between 2016 and 2019.		
RANK	COMPANY NAME	CATEGORY
116	Power Fill	Energy
121	DoubleDragon Properties Corp.	Property
135	Converge ICT	Telecoms
176	Fruitas Holdings	Food & Beverage
233	Mercantile Insurance	Insurance
256	KMC Solutions	Support Services
288	Sta. Lucia Land, Inc.	Property
294	CHSI	Health
305	People360 Consulting Corp.	Support Services
354	Aidea	Construction
364	Golden ABC, Inc.	Fashion
383	Mega Fishing Corporation	Food & Beverage
405	BDO Unibank	Financial Services
417	St. Martin COOP	Support Services
430	Pryce	Chemicals
445	Century Pacific Food	Food & Beverage
468	Megaworld	Property
480	Shakey's Pizza Asia Ventures	Restaurants
481	First Gen Corporation	Energy
483	Puregold Price Club	Retail

Listahan ng mga kumpanya sa Pilipinas na napabilang sa prestihiyosong Top 500 high-growth companies sa Asia-Pacific Region

LATHALAIN

2020 Mga Natatanging Kasapi

PAHINA 4



Loan Payment Channels, Mas Pinalawig

NI: MELISSA C. TIQUIZ

Ngayong kasagsagan ng pandemya, marami ang nababahalang lumabas o makihalubilo sa iba dahil sa takot na makuha nila ang COVID-19 virus. Mahigpit na ipinapatupad ng mga establisimento ang minimum health and safety protocols at limitado rin ang transportasyon. Dahil ditto, nalimitahan ang paglabas ng mga tao.

Bilang tulong sa mga miyembro, naglunsad ang Kooperatiba ng mga bagong paraan sa pag-babayad ng utang sa pakikipagtulungan sa iba't ibang payment platforms. Ngayon, maari nang magbayad ng utang gamit ang GCash, PayMaya,

Kaya Payment Platform at CliQQ Kiosk sa mga 7-Eleven Stores. Makikita sa ating FB page, TV sa mga branch lobbyat flyers ang detalyadong pamamaraan kung paano gamitin ang mga nabanggit na payment channels. Ang mga ito ay karagdagan sa over-the-counter payment, pagbabayad sa Banco de Oro (BDO), SM bills payment at pagababayad sa kolektor.

Kaya naman, hindi na dahilan ang layo ng opisina o pandemya para hindi mabayaran ng isang miyembro ang kanyang utang sa St. Martin Coop at mapanatili ang magandang payment record.

Bakunado Ka Na Ba?

NI: ALLAN EUGINE S. BAIZA

Gusto mo bang makatulong upang tuluyan nang mapahinto ang paglaganap ng COVID-19 at hindi na makakital pa ng maraming buhay? Gusto mo bang protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay? Sino nga ba ang hindi? Ngayon ang tanong, BAKUNADO KA NA BA?

Marami ang natatakot at nangangamba sa COVID-19 vaccine ng dahil sa mga kung anu-anong mga balitang lumalaganap sa social media. Kaya dapat ay sa mga lehitimong ahensiya at news lamang tayo maniwala. Ayon sa World Health Organization (WHO), ang COVID-19 vaccine ay masusing pinag-aralan at dumaan sa maraming clinical trials upang masigurong epektibo at ligtas. Sa pagpapabakuna, magkakaroon tayo ng mas malakas na proteksyon laban sa COVID-19 at makatutulong tayo na mapigil ang pagkalat nito. Sabi ng WHO, hindi man 100% ang bisa ng bakuna ay maiiwasan ang grabeng sakit o maging ang pagkasawi ng buhay sanhi ng virus.

Sa ngayon, ang pagpapabakuna ay isang maganda at mabisang paraan upang mapigil natin ang paglaganap ng COVID-19 at maiwasan ang malalang karamdaman o pagkasawi ng buhay. Laging paalala ng WHO, matapos na mabakunahan ang isang indibidwal ay mas makabubuting sundin pa rin ang mga health protocols tulad ng palaging paghuhugas ng mga kamay, physical distancing, pagsusuot ng face mask, pag-iwas sa mga matataong lugar, pagpapanatili ng magandang bentilasyon sa kwarto at opisina, at paggamit ng tissue o likod ng siko kapag uubo o babahing. Higit sa lahat, kahit na ikaw ay bakunado na, kung ikaw ay may nararamdamang mga sintomas ay magpatest upang makasiguro.


Muli, ang tanong, BAKUNADO KA NA BA? Kung mayroon ka nang pagkakataon upang magpabakuna, huwag mo na itong palampasin. Sapagkat ito ang ating proteksiyon sa ating sarili, sa ating mahal sa buhay, sa ating kapwa at sa buong mundo. Kaya, magpabakuna na!

St. Martin Coop: Naghatid-tulong Para sa Vaccinators

NI: FRANCIS JOHN C. ESPINOSA

Sadyang hindi matatawaran ang sakripisyo at dedikasyon ng ating mga medical frontliners hindi lamang sa paggagamot sa mga tinamaan ng COVID-19 kundi maging sa pagbabakuna sa ating lahat upang mapigilan ang pagkalat ng sakit na ito o ang pagkakaroon ng malubhang sintomas. Kaya naman ang St. Martin Coop, bilang pakikiisa sa programa ng Bulacan Cooperative Hall of Fame League Union, ay naghatid ng mga food packs para sa vaccinators sa bayan ng Bocaue. Noong ika-29 ng Oktubre 2021, personal na iniabot nila Board Chairperson Danilo D. Esteban at CEO Serafin M. Celestino, Jr. ang food packs para sa ating vaccinators. Ito ay malugod na tinanggap ng IATF-Bocaue, sa pamumuno ni Councilor at dating Vice-Mayor Ken Valdez at ni Dr. Corazon del Rosario, Municipal Health Officer.

Ang food assistance na ito ay napakaliit kumpara sa araw-araw na sakripisyong ginagawa ng ating mga vaccinators. Saludo po ang St. Martin Coop sa inyong lahat!



Higit 500 katao, Sumailalim sa Libreng TB Mass Screening at Chest X-ray

NI: EILEEN RUTH G. REYES

Umatot sa 541 na mga Kamay-ari ng St. Martin Coop at ilang residente ng Bocaue ang nabigyan ng pagkakataong makapagpa-chest X-ray ng libre sa isinagawang TB Mass Screening at Chest X-ray noong ika-25 at 26 ng Nobyembre, 2021 na magkatuwang na inilunsad ng ating Kooperatiba, Alay Buhay Community Development Foundation, Inc., at Bocaue Rural Health Unit.



Makikita sa larawan ang mga kamay-ari habang nagpapatala sa libreng TB screening.

Sa inilabas na 2020 global Tuberculosis Report ng World Health Organization (WHO), ang Pilipinas ang may pinakamataas na TB incidence rate sa Asya, sa bilang na 554 kaso sa bawat 100,000 Pilipino.

Dahil dito, ang ating Kooperatiba ay nakipag-sanib puwersa sa Alay Buhay Community Development Foundation, Inc. upang makapag-bigay ng libreng Chest X-ray sa mga close contact ng taong may TB, senior citizen, diabetic, naninigarilyo, alcoholic, PUJ o tricycle driver, at iba pang maituturing na kabilang sa vulnerable sector. Layunin ng programang TB Mass Screening na mabigyan ng karampatang lunas at atensyon ang mga mayroong TB. Nakipag-ugnayan din tayo sa ilang mga barangay sa bayan ng Bocaue upang kahit hindi pa mga kasapi ng St. Martin Coop ay matulungan din natin.

Ang mga nag-positive sa TB ay agad na tinawagan ng Alay Buhay at Bocaue Rural Health Unit upang sumailalim sa libreng gamutan.

Na-COVID ka ba? May Ayuda ka!

NI: MARYANN F. AGUSTIN

Umatot na sa 2.84 milyon ang kabuuang bilang ng mga Pilipinong nagpositibo sa COVID-19. Mabilis makahawa ang sakit na ito at upang maiwasan ang pagkalat nito, kakailanganing mag-quarantine ng mga taong positibo dito. Kaakibat nito ang pagliban sa trabaho o paghinto sa paghahanapbuhay. Sa kadahilanang ito, nag-isip ang St. Martin Coop ng paraan kung paano matutulungan ang ating mga kamay-ari na pansamantalang natigil ang pinagkakakitaan.

Noong ika-15 ng Hunyo 2021, inilunsad ang Ayuda sa Na-COVID-19 - isang karagdagang benepisyong pinansyal mula P1,000.00 hanggang P3,000.00 (depende sa halaga ng saping puhunan) para sa mga kasapi na nagpositibo sa COVID-19. Kailangan lamang na ang miyembro ay may Active na Membership Status (hindi legal, offset o write-off), may hindi bababa sa P5,000.00 Share Capital sa nakalipas na anim na buwan, at kung may loan, dapat GP o kung may palya man, ito ay hindi lampas sa tatlung araw.

Ang isang kasapi na nagpositibo sa COVID-19 at kinailangang i-confine sa ospital ay makatatanggap din ng Hospitalization Assistance bukod sa Ayuda sa Na-COVID-19.

Sa pagtatapos ng taong 2021, mayroong 128 kasapi ang nakatanggap ng Ayuda sa Na-COVID-19 na umabot sa kabuuang halaga na P235,000.00.

Dahil sa pabago-bagong trend sa dami ng nahahawa sa COVID-19, minabuti ng ating Kooperatiba na i-extend ang benepisyong ito hanggang sa 30 Hunyo 2022



Makikita sa larawan ang mga kinatawan ng St. Martin Coop habang ipanagkakaloob ang mga pagkain para sa mga vaccinators.

PAG-ASA SA GITNA NG PANDEMYA

Halos dalawang taon na ang nakakaraan mag-mula ng lumabas ang balita tungkol sa isang nakakahawang sakit mula sa Wuhan City, China. Ito ay nakilala natin bilang COVID-19, isang sakit na sanhi ng coronavirus na nagdudulot ng mga impeksyon sa paghinga na minsan ay nagkakaroon ng komplikasyon at nauuwi sa mas malubhang sakit.

Upang maiwasan ang malawakang pagkalat ng sakit na ito ay nagpatupad ng community quarantine ang gobyerno. Nalimitahan ang galaw ng mga tao at natigil ang operasyon ng maraming negosyo. Nalugmok ang ekonomiya at marami ang nawalan ng trabaho. Sa isang iglap nabago ang pamumuhay hindi lang nating mga Pilipino kundi ng buong mundo.

Ang financial sector kung saan tayo nabibilang ay lubhang naapektuhan ng pandemya. Subalit hindi ito naging hadlang. Higit sa lahat, ito ang panahon para maging matatag ang Kooperatiba para sa kaniyang mga miyembro at sa komunidad na nasasakupan nito. Hindi kailangang matigil ang serbisyo, bagkus ay kailangan na lalong pag-ibayuhin ito.



Ang ating Kooperatiba ay tumugon sa hamon. Ika nga nila “life goes on”. Tayo ay naglagay ng mga COVID-19 preventive equipment sa lahat ng sangay ng St. Martin Coop upang panatiling ligtas ang mga kasapi at kawani sa kanilang pagganap sa kani-kaniyang tungkulin. Alinsunod sa Bayanihan Act 1 & 2, tumalima ang Kooperatiba sa pagbibigay ng loan moratorium upang mabigyan ng sapat na panahon ang mga kasapi sa pagbabayad ng kanilang utang. Lumikha ng mga bagong loan products na naglalayong matulungan ang mga miyembro na

CARE at CPR-B Loans, Tugon sa Ikapagpapatuloy ng Negosyo

NI: IAN MARVIN S. GUMASING

Noong ika-11 ng Enero 2021, inilunsad ng St. Martin Coop ang Credit Assistance for Recovery of Enterprises (CARE) at Credit Program for the Recovery of Businesses (CPR-B) – mga produktong pautang na naglalayong matulungan ang ating mga negosyanteng kamay-ari na makabawi at makapagpatuloy sa kabila ng kasalukuyang problema sa ating ekonomiya sanhi ng COVID-19 pandemic.

Mula P10,000.00 hanggang P300,000.00 ang maaaring iapply sa CARE Loan. Bukod dito, mayroon din itong mas mababang interest rate na 15% p.a. at maximum term na 36 months.

Mula P200,000.00 hanggang sa P3,000 M naman ang maaaring i-apply sa CPR-B Loan na may 8% p.a. interest rate at maximum term na 60 months. Magiging malaking gabay pampinansyal upang maipagpatuloy ng mga kasapi sa araw-araw ang operasyon ng kani-kanilang negosyo dahil sa mas mababang tubo at buwanang hulog.

Sa kabuuan, umabot sa 478 kasapi ang kumuha ng CARE Loan na nagkakahalaga ng P81,199,000.00 at 7 kasapi naman ang may CPR-B Loan na nagkakahalaga ng P8,295,000.00.

G.A. ng Cooperative Finance Cluster, Ginanap

NI: NIERRA C. DE GUZMAN

Sa unang pagkakataon, opisyal nang binuo ang Sectoral Apex Organization sa ilalim ng bagong batas, ang Republic Act No. 11364 (AN ACT REORGANIZING AND STRENGTHENING THE COOPERATIVE DEVELOPMENT AUTHORITY, REPEALING FOR THE PURPOSE REPUBLIC ACT NO. 6939, CREATING THE COOPERATIVE DEVELOPMENT AUTHORITY) na nilagdaan noong Agosto 8, 2019.


Sa nakaraang pulong noong June 5, 2021, sa pangunguna ng pinuno ng Sectoral Apex Organization (SAO) of Finance Cooperative Cluster Assistant Secretary Vidal D. Villanueva III, ginanap ang kauna-unahang General Assembly Meeting and Election of Officers. Inihalal ang mga pinuno ng Regional Cluster Organizations (RCO) gayundin ang mga awtorisadong kinatawan ng bawat kooperatiba na nakasaad sa Section 3.1 ng Memorandum Circular 2021-05 na siyang may awtomatikong posisyon sa SAO. Si Chief Finance Officer Alvin B. Norieste ang hinirang ng St. Martin Coop Board of Directors bilang kinatawan ng ating Kooperatiba.

Nakasaad sa Section 4(z) ng RA 11364 ang Kapangyarihan at Gawain ng awtoridad, kung saan ang CDA ay magtatagala ng isang “apex organization” at pambansang alyansa na magiging kinatawan ng lahat ng uri at kategorya ng kooperatiba. Kaugnay

nito, nakasaad sa Section 3 ng RA 11364 na ang SAO ay kinikilalang organisasyon ng RCO, kabilang ang tertiary federations at unions ng mga kooperatiba sa buong bansa na magsisilbi bilang consultative body sa pambansang mga isyu na makakaapekto sa kani-kanilang kinabibilangang cluster.

Ang mga nahalal na Presidente, Bise-Presidente at isang kahalili sa Sectoral Apex Organization ang magiging kinatawan ng Finance Cooperative Cluster sa National Alliance of Cooperatives (NAC). Sa prosesong ito, ang CDA ay magsisilbing tagapagpatupad na ahensya ng gobyerno. Ang consultative bodies mula sa mababa hanggang sa pambansang lebel ay sadyang mahalaga dahil ito ang tumutulong at sumusuporta sa mga rekomendasyon at mungkahi sa paggawa ng mga memorandum circulars, regulasyon, polisiya at batas, gayundin, ito ang tumutulong sa CDA upang maiparating naman ang mga ito sa mga kooperatiba at mga miyembro nito.

Makakamit ang mandato ng CDA kung lahat ay makikipagtulungan at makikibahagi sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na komunikasyon upang malaman ang mga isyu at problema na nangangailangan ng karampatang solusyon.



Ang Senior Management kasama ang Department/Branch Managers ng St Martin Coop ay nagkaroon ng 2-araw na Operation Planning session kung saan isinaalang-alang sa kani-kanilang mga estratehiya at financial target para sa taong 2022 ang ‘design thinking in innovation, risk management & Philippine Economic Outlook’. Maliban kay CEO Jonjon Celestino at COO Mon Cardenas, inimitahan din si Director Jonas George Soriano ng Office of the Spokesperson na ibahagi ang kanyang mga pananaw tungkol sa patuloy na pandemya, estado ng ekonomiya, at mga kaugnay na programa na ipinapatupad ng ibat-ibang mga institusyong pinansyal. Ito ay ginanap noong Disyembre 3 at 4, 2021 sa SMTCDC Bunlo Activity Center.

maipagpatuloy ang pamumuhunan sa kasalukuyan nilang negosyo o bagong negosyo na kanilang itatayo nang may mas mababang interest kaysa karaniwan.

Upang maging ligtas at maginhawa ang pagda-raos ng Election at Sequential General Assembly, ginawa itong “online” o sa pamamagitan ng Internet. Nakipag-partner sa iba’t ibang Solutions Provider upang magkaroon ng karagdagang payment channels at digital banking service upang mas maging madali para sa mga miyembro na magbayad ng kanilang bills at mga utang. Ang mga ito ay ilan lamang sa mga hakbang na ginawa ng ating Kooperatiba upang mapanatili ang layunin nitong paglingkuran ang kasapian.

Sa halos dalawang taon mula ng magsimula ang pandemya, naranasan nating magkaroon ng luwag at muli ay maging mahigpit sa pagpapatupad ng mga quarantine restrictions. Yung akala nating unti-unting pagbawi ay biglang mapapawi at mauudlot. Walang nakakaalam ng hinaharap at hindi natin alam kung kailan ito matatapos. Subalit ano man ang maging hamon ng panahon, umasa kayo na mananatiling matatag ang ating Kooperatiba, na sa gitna ng pandemya nanatiling may pag-asa.

Koopulungan at Eleksyon, Natuloy Din

NI: ANGELO H. LIBIRAN

Hindi napigil ng pandemya ang 2021 Sequential General Assembly (SGA) at General Election ng St. Martin Coop para sa mga bakanteng posisyon sa Lupong Patnugutan, Lupong Tagasuri at Lupon sa Halalan. Dahilan sa kaluwagang ipinagkaloob ng CDA sa bisa ng Memo Circular No. 2021-03, ang Kooperatiba ay nakapagsagawa ng SGA at online election sa pamamagitan ng video conferencing gamit ang Zoom at Election Runner na ginanap mula ika-8 ng Mayo hanggang ika-3 ng Hulyo, 2021.

Sa pamamagitan ng computer, cellphone at iba pang gadget na konektado sa Internet, nakibahagi ang mga kamay-ari sa mga pagpupulong upang alamin ang katayuang pinansyal, mga patakarang ipinatupad, at iba pang aktibidad na isinagawa ng Kooperatiba. Nagkaroon din sila ng pagkakataong manalo sa online games at raffle.

Sa kabilang dako, ang halalan sa pagpili ng mga manunungkulan bilang miyembro ng Lupong Patnugutan, Lupong Tagasuri at Lupon sa Halalan ay naisagawa sa pamamagitan ng Online Election. Sa tulong ng application na Election Runner, maginhawang nakaboto ang mga miyembro gamit ang kanilang cellphone o computer na konektado sa Internet. Ang mga kasaping hindi masyadong maalam o walang ‘access’ sa Internet ay nakaboto din sa pamamagitan ng pagsadya sa mga sangay ng kooperatiba.

Nagkaroon ng halalan para sa tatlong (3) Directors ng District 1, isang (1) Director ng District 3, isang (1) Director ng District 4, isang Director ng District 5, , isang (1) Audit Committee member at dalawang (2) Election Committee members. Narito ang resulta ng nasabing halalan na nauna nang inilathala sa Website at FB Page ng St. Martin Coop:

ST. MARTIN
COOP

OFFICIAL RESULT OF
2021 GENERAL ELECTIONS

BOARD OF DIRECTORS - DISTRICT 1			Number of Votes	Rank
AGCAOII, XAVIER FREDERICK L.			600	
OLARIO, CLARISSA H. (Dr.)			776	
DELA VEGA- CABANGIS, SOLEDAD T. (Atty.)			1570	1
VILLARTA, WILSON L. (Arch.)			614	
ESTEBAN, DANILO D.			1224	2
PASCUAL, SHEILA MARIE R.			1084	3
BOARD OF DIRECTORS - DISTRICT 3			Number of Votes	Rank
VISTAN, PETER JOHN T.			252	1
BERNARDO, NOEL DJ.			71	
BOARD OF DIRECTORS - DISTRICT 4			Number of Votes	Rank
SANCHEZ, MA. LUISA V.			74	1
SILVA, MARITES O.			72	
BOARD OF DIRECTORS - DISTRICT 5			Number of Votes	Rank
BUGARIN, ARLAN DEAN I.			69	
BERDULAGA, LIZA M.			77	1
AUDIT COMMITTEE			Number of Votes	Rank
BRAGAIS, CARMELITA D.			1982	1
DE GUZMAN, PATRICIA M.			904	
ELECTION COMMITTEE			Number of Votes	Rank
CRUZ, JOHN JOEL S.			1416	
ALCARAZ, ROMMEL M.			1554	1
CRUZ, SHEILA MARIE SM.			1433	2
FRANCISCO, VILMA C.			1369	
PROPOSED AMENDMENTS TO ARTICLES OF COOPERATION AND BYLAWS			Number of Votes	Rank
OO			2788	1
HINDI			98	

Certified, True and Correct:


EVELYN DELOS REYES
CHAIRPERSON


MA. ELAINE MAGTIRA
VICE-CHAIRPERSON


CRISTINA DE LEON
SECRETARY

2020 MGA NATATANGING KASAPI

Tatlong kababaihan -- pawang isinilang na salat sa yaman -- nakipaglaban sa maraming hamon bago nalampasan ang kahirapan. Dahil sa kanilang pagsisikap ay may kani-kaniya na silang negosyo at tinatamasa na nila ang ginhawa sa buhay. Hindi mababakas sa kanilang mga mukha ang pinag-daanang hirap, sa halip, nagniningning ang positibong disposisyon sa buhay at nagbibigay inspirasyon sa bawat isa sa atin.

Ito ang 2020 Natatanging Kamay-ari awardees. At ito ang kanilang mga kwento.

MINERVA H. CRUZ

Si Minerva H. Cruz, 56, ay bunga ng pagmamahalan nina Bagsa Asaram Hariramani, isang Indian at ni Rosalina G. Mendoza isang Filipina. Ipinanganak sa Meycauayan, Bulacan, siya ang pangalawa sa limang magkakapatid. Nakararaos ang kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagtintinda at pangangalakal. Hindi naging maginhawa ang kanilang pamumuhay. Ang masama pa nito, naghiwalay ang kanyang mga magulang at, hindi nagtagal, umalis ang kanyang ama patungong Calcutta, India, at iniwan nito ang kanyang asawa at mga anak.

Ngunit si Minerva ay palaging naniniwala sa pagsusumikap at muling pagbangon. Nagtrabaho siya ng mahabang oras sa pagbebenta ng mga paninda at nagawa niyang makapag-aral sa kolehiyo. Kumuha siya ng Zoology sa Lyceum of the Philippines na may pag-asang makapasok sa isang medical university. Kapos man sa pananalapi at maagang nag-asawa ay nakapagtapos pa rin si Minerva ng Nursing degree sa Fatima University.

Sa kasamaang palad, hindi nagtagal ang kasal ni Minerva kay Vicente R. Cruz. Naiwan sa kaniya ang obligasyon na palakihin ang dalawang anak na babae, sina Molina at Junielyn. Hindi dapat panghinaan ng loob, nagpatuloy siya at nagtatrabaho bilang isang nurse kasabay ng pag-aahente at pagbebenta ng mga unan na gawa ng kanyang kapatid na lalaki.



Sa mga panahon ding ito, bumalik ang kanyang ama at muling nakasama ang kanyang ina. Pinalad silang manirahan sa Dagupan malapit sa dagat. Kung ang kanyang mga magulang ay nagkabalikan, naniniwala si Minerva na magkakaroon din siya ng pangalawang pagkakataon. At nagkaganon nga, habang nagtatrabaho para sa kanyang kapatid, nakilala niya ang kanyang ngayon ay asawa na si Ramil DC. Hernandez, na noo'y driver ng kumpanya.

Nagpasya silang magtayo ng sariling negosyo. Mula madaling araw hanggang hating-gabi ay dumadayo sila sa iba't ibang bayan sakay ng kanilang tricycle upang ilako ang kanilang panindang unan.

Sa ngayon ay 25 taon nang masayang nagsasama ang dalawa at biniyayaan sila ng isang anak na lalaki, si Ramil, Jr. Magkatuwang nilang pinapatakbo ang kanilang negosyo na pagawaan ng mga foam futon, unan, atbp.

MARLENE B. DELA CRUZ

Si Marlene B. dela Cruz, 54, ay bunso sa walong anak na ipinanganak ng mga magasaka na sina Victorina at Cristina Baisa sa Hagonoy, Bulacan. Kinupkop siya at itinuring na sariling anak ng kanyang tiyuhin at tiyahin na sina Roberto at Ofelia Sugcang at pinalaki sa Tondo, Manila.

Dahil masipag na bata na may masayahing disposisyon, nagpasya si Marlene na magtrabaho bilang promo girl sa Adidas outlet sa SM North para matustusan ang kanyang pag-aaral sa kursong Business Administration sa Polytechnic University of the Philippines.

Sa mga panahon na mahina ang benta, uutusan siya ng manager na mag-imbentaryo at gumawa ng sales and bookkeeping reports, na natutunan niya habang inoobserbahan kung paano ginagawa ang mga ito. Dahil sa kanyang husay ay hinangaan siya nito at inalok na magtrabaho sa bodega ng kumpanya sa Caloocan City kapalit ng mas magandang suweldo. Para makapagpatuloy ng pag-aaral, lumipat siya sa University of the East, Caloocan campus at nagpalit ng kursong Mass Communication.

Gayunpaman, ang maagang pag-aasawa kay Aladdin dela Cruz at maagang pagbubuntis sa kanilang panganay na anak na babae, si Eidee Marie, ay naging dahilan upang itigil ang kanilang pag-aaral at magtrabaho na lang. Dahil pareho silang hindi nakapagtapos ng kanilang pag-aaral sa kolehiyo, hindi sapat ang kanilang kinikita para suportahan ang lumalaking pamilya. Nagpasya silang huminto sa trabaho upang magtinda ng mga ready-to-wear(RTW) sa mga tiange gamit ang P7,000 na naregalo sa kanilang kasal.

Lumalaki ang negosyo nilang mag-asawa kung kaya hinikayat ng kanyang biyenan si Marlene na sumali sa SMTCDC para magkaroon siya ng karagdagang puhunan. Naging tama ang kaniyang desisyon at bilang panimula siya ay nakapag-loan ng P30,000.

Hindi nagtagal, nabawi ng mag-asawa ang kanilang puhunan at umunlad ang kanilang negosyo. Hinubog ng kanyang karanasan sa Adidas, naging mahusay si Marlene sa pinasok na negosyo. Bukod pa nga dito ang pagiging kasapi niya ng Coop na siya niyang sandalan sa mga pinansyal na pangangailangan. Dahil sa kanyang magandang rekord bilang isang kamay-ari, ang SMTCDC ay palaging sumusuporta sa mga pangangailangan ni Marlene, maging para sa negosyo o pamilya.

Hindi nga nagtagal at lalong gumaling si Marlene sa pagpapatakbo ng kanilang negosyo. Dati, naglalakad lamang sila at gumagamit ng pampublikong transportasyon. Dahil malaki na ang kanilang kinikita, nakapagpundar sila ng truck na nagagamit sa pag-angkat ng mga paninda mula sa mga pabrika at pagdadala nito sa mga pamilihan.Bukod pa dito ay kumuha na din sila ng kanila makakatulong.

••••

Habang siya ay isang sidewalk vendor, nakilala niya ang kanyang magiging asawa na si Nestor Y. Sanchez. Ipinanganak at lumaki sa Calumpit, Bulacan, si Nestor ay nagtitinda ng mga halaman at kaldero sa harap mismo kung saan nakapwesto si Lucena. Bagama't mayroon na ding pagtingin, ang ina ni Nestor ang unang nanligaw kay Lucena upang maging nobya ito ng kanyang anak. Sa mga unang taon ng kanilang pagsasama, nagtrabaho ang asawa niyang si Nestor bilang driver sa Middle East para kumita ng mas malaki. Samantala, ipinagpatuloy ni Lucena ang pagbebenta ng RTW at sari-saring gamit sa bahay sa palengke. Sa pagsilang ng kanilang nag-iisang anak na lalaki na si Noel, nagpasya ang kanyang asawa na huminto sa pagtatrabaho bilang isang overseas worker at sa halip ay tulungan na lamang siya na pamahalaan ang kanilang tindahan. Noon ay kaya na nilang umupa ng isang pwesto sa palengke, bukod sa tindahan dito na rin sila nanirahan at nagsilbi na din itong warehouse. Mahigit 40 taon na siyang nagtitinda at kinikilala ni Lucena na ang SMTCDC ang pangunahing pinagmumulan ng kanilang puhunan.

"Medyo natakot ako sa paglapit sa mga bangko para mag-apply ng utang pero narinig ko ang St. Martin ay madaling lapitan ng mga vendor na katulad namin kaya nang buksan ng kooperatiba ang membership sa mga naninirahan sa mga kalapit bayan ng Bocaue, nag-apply ako," hayag ni Lucena.

Nagpapasalamat siya sa noo'y Taal Branch Manager na si Nerissa "Nerie" Sagana na sumuporta sa kanya. Sa kasalukuyan, si Nerie ay nasa pangunahing tanggapan na sa Poblacion, subalit ang magandang relasyon ni Lucena at Taal Branch ay nagpapatuloy hanggang ngayon. "Masaya ako sa pag-aasikaso ni BM Roman Reyes. Wala kaming nagiging problema" humahagigkik na dagdag ni Lucena. Bukod sa tindahan, may van na sila na pinapatakbo bilang UV Express ng asawang si Nestor. Bagama't mas pinili ng mag-asawa na manatiling naninirahan sa tindahan, nakapagpatayo sila ng sariling bahay na plano nilang paupahan. Nakapagtayo rin sila ng dalawang apartment building.

Ang pagsusumikap ng mag-asawa ay may kalakip na gantimpala. Ngayon, kumportableng naninirahan sina Minerva at Ramil sa kanilang sariling bahay na siya ring pagawaan ng kanilang mga paninda. Mayroon din silang dalawa pang pabrika sa katabing lote. Ang kanilang mga manggagawa ay nakatira din sa kanila at itinuturing nila bilang pamilya.

Dagdag ni Minerva, may iba pang mga kadahilanan sa kanyang kwento ng tagumpay. "Single pa ako noong pumasok ako sa pagtitinda dahil nagpasya ang mga magulang ko na simulan ang kanilang bagong buhay sa Dagupan City," aniya. "Ang dating manager ng St. Martin of Tours Credit and Development Cooperative (SMTCDC) Bunlo Branch, Arsenio de Jesus, ang tumawag at nangumbinsi sa akin na sumali sa kooperatiba."

Inamin ni Minerva na malaki ang utang na loob niya kay "Sir Arcy". "Siya ang aking naging gabay, nasaksihan niya ang mga kabiguan at tagumpay sa aking negosyo," sabi niya. "Bumagsak ang aming negosyo noong 2015 nang makakuha kami ng maraming talbog na tseke na hindi na namin nabawi. Salamat sa kanyang paggabay at pagtitiwala sa aking kakayahan, nakapag-avail ako ng mga pautang ng Coop. Nabayaran namin ang lahat ng aming mga obligasyon at nagawa naming simulan muli ang aming negosyo."

Sa tuwing kailangan niya ng pautang para sa karagdagang kapital para makabili ng mga materyales at kagamitan o para sa pagpapalaki ng operasyon ng pabrika, palaging nandiyan ang SMTCDC para sa kanya. Kahit na nagretiro si Arcy at may bago ng nangangasiwa sa sangay na kanyang kinaanihan, si Minerva ay lubos na nagpapasalamat sa magandang serbisiyong ibinibigay ng mga empelyado ng Coop.

"Noong nagsimula ang pandemya at maraming negosyo ang nagsara, nakaligtas kami at lalo pa ngang umunlad dahil sa maramihang order na nakuha namin mula sa mga ospital. Iyon ang bumuhay sa amin bukod pa sa maasahang financing na pinagkakaloob ng SMTCDC".

Sa pagtatapos, sinabi ni Minerva, "Sa buhay, marami akong naging kabiguan sa umpisa, ngunit marami akong aral na natutunan at palaging may pangalawang pagkakataon. Walang kabiguan kung ilalagay mo ang iyong puso at isipan sa lahat ng iyong gawain, at patuloy kang magsisikap upang maabot ang iyong mga pangarap."

Nagbigay-daan ang kanilang negosyo upang mapag-aral ang kanilang tatlong anak sa kolehiyo, isang pangarap na hindi nila naabot noon. Ngayon ang tatlo ay pawang mga lisensyadong propesyonal na. Si Eidee Marie, na bagong kasal, ay isang rehistradong nars. Si Arljohn Paul ay isang inhinyero, at si John Chester ay isang guro.

Dahil mas komportable na ang buhay, nagbigay-daan ito sa mag-asawa na malayang gampanan ang gawaing panrelihiyon. Sila ay Born Again Christians, ang kanyang asawa ay isang pastor at matapat na nagsisilbi sa kanyang ministryo hanggang sa kanyang biglaang pagkamatay noong 2017 dahil sa aneurysm. Kabilang sa maraming magandang alaala ni Marlene ay ang paglalakbay kasama ang kabiyaq na si Aladdin sa China at Hong Kong sakay ng mga bangka upang mamahagi ng mga bibliya at ipalaganap ang mga salita ng Diyos.

Wari ba ay nakita ni Marlene ang hinaharap, dama niya na ang 2020 ay hindi magiging magandang taon para sa kanyang negosyo sa tiangge dahil sa mga lockdowns. Dahan-dahan niyang binawasan ang kanyang mga stock at naiwan na lamang sa kanya ang maliit na imbentaryo, na sinimulan naman niyang ibenta online.

Sa pagkamatay ng kanyang asawa, naging mas maingat si Marlene sa kanilang mga gastusin. Bago pa man magsimula ang lockdown gawa ng pandemic, tiniyak niyang mabayaran ang lahat ng kanyang utang at hindi muna mangutang ulit at magsimula ng isang bagong negosyo. Nais niyang mapanatili ang kanyang GP record sa kooperatiba. Pinahalalagahan niya ito upang kung siya ay muling mangailangan ay mabilis itong ma-proseso.

Sa kanyang bakanteng oras, nag-gagantsilyo si Marlene at ang kanyang mga nagawa ay mabilis niyang naibebenta.

Ang hilig at pagmamahal niya sa pagbe-bake ang nag-udyok sa kanya na makipagsapalaran sa isang bagong negosyo.Binuksan niya ang isang tindahan ng baking supplies, ang DC Baking Supply Co., na matatagpuan sa 2nd floor ng Lotus Queen Bldg., sa Sta. Rita, Guiguinto, Bulacan.

"Naging malapit ako sa BM ng Bunlo, si Ma'am Tess Hidalgo, na nagpapayo sa akin sa maraming bagay mapa-negosyo man o personal" kuwento niya. "Si Ma'am Tess ang aking naging sandigan nang mamatay ang aking asawa, ginabayan niya ako sa aking mga pananalapi. Dahil sa parehas kaming mahilig kumain ay naisipan namin na magsosyo at magbukas ng isang restaurant noong siya ay nagretiro, ngunit dahil nga sa pandemya ay hindi natuloy ang aming plano"

Pagpapatuloy niya, "Dahil sa hilig ko sa pagluluto ay nagkaroon ako ng ideya at nag-udyok na magbukas ng isang tindahan para sa mga kagamitan sa pagbe-bake. Naisip ko na maraming mga taong tulad ko na nag-o-online selling ng mga produktong gawa nila sa bahay. Tama ang desisyon ko dahil maganda ang benta ng tindahan ko. Marunong na din ako mag-bake ng Brazo de Mercedes" dagdag ni Marlene na may ngiti sa kaniyang mga labi.

Payo ni Marlene. "Sikapin ninyong mag-aral at matuto, wag ninyong palalagpasin ang mga pagkakataong darating sa inyo. Pahalagahan ninyo ang mga bagay na nakasanayan natin madalas ito ang mabuti, subalit wag matakot sa pagbabago kung ito ang hinihingi ng pagkakataon. Ibigay mo ang lahat ng iyong makakaya sa lahat ng iyong ginagawa at makakamit ninyo ang tagumpay"



Natapos na ng anak na si Noel ang kanyang degree sa kolehiyo at nagtatrabaho na ito sa isang bangko kasama ang kanyang asawa. Tuwing weekdays, ang tatlong anak ni Noel na sina Hinrich Noel, Hera Leigh at Hillary Lei ay naiiwan sa kanilang mga lolo't lola, kung saan ang tindahan ang kanilang "tinda-tindahan." Nagpalaki pa ng isang bata si Lucena at Nestor, si Nerissa Cruz. Pinag-aral nila ito sa kolehiyo at kasama nilang namumuhay bilang masayang pamilya.

Para kay Lucena, sulit at maganda ang naging balik ng kanyang paghahanapbuhay.

LUCENA C. SANCHEZ

